Filipino

Maligayang pagdating sa website ng Kagawaran ng Proteksyon ng mga Bata at Suporta sa Pamilya.

Ang Kagawaran ay nagbibigay ng mga hanay ng serbisyo sa mga indibidwal na Australyanong Kanluranin, mga bata at kanilang mga pamilya sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng sektor ng komunidad at iba pang mga organisasyon ng pamahalaan. Kabilang sa mga serbisyong ibinibigay ang: pagbibigay ng suporta sa mga bata at mga kabataan na nasa kalinga ng Chief Executive Officer ng Kagawaran; proteksyon ng mga bata at kabataan laban sa pang-aabuso at pagpapabaya; at suporta sa mga pamilya at indibidwal na nasa panganib o krisis upang mapamahalaan ang kanilang mga buhay at panatilihing ligtas ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya.

Ang *Case Practice Manua*l (Manwal sa Pamamahala ng Kaso) ng Kagawaran, kasama ng iba pang mga balangkas ng kagawaran, mga patakaran at mga manwal sa pagpapatakbo, ay maa-access ng publiko sa website na ito.

Kung nahihirapan kang unawain ang impormasyon sa website na ito at hindi ka makahanap ng taong maaaring magsalin nito para sa iyo, mangyaring makipag-ugnay sa pinakamalapit na tanggapan ng Kagawaran at aasikasuhin naming mabigyan ka ng isang mag-iinterprete sa telepono para sa iyo.

Mangyaring i-klik dito (1) para sa listahan ng aming mga tanggapan. Para sa karagdagang impormasyon kung paano maa-access ang serbisyo para sa pag-iinterprete, i-klik lamang dito (2).